# Prologue

"Ate, may naghahanap sa 'yo sa 'baba."

Kumunot ang noo ni Marianne habang inaangat ang mukha mula sa tinatapos na design ng isang hotel. Lalo pa iyong lumalim nang makita niya ang magkahalong galit at uncertainty na pilit itinatago sa kanya ng nakababatang kapatid na babae.

"Sino daw?" di-napigilang tanong niya.

"I think you'd better see for yourself," nakasimangot na sagot nito.

Napalunok si Marianne at muli niyang naramdaman ang kakaibang lamig na gumagapang paakyat sa gulugod niya. Hindi niya alam kung bakit pero ilang araw na rin niyang nararamdaman ang kakaibang takot na iyon na usually, dumarating lang bago may mangyari sa kanyang masama o kapag may nangyaring masama sa isang taong mahalaga sa kanya.

Hindi lang niya ito masyadong pinapansin dahil sa pagbababad niya sa trabaho. Iyon kasi ang paraan na ginagamit niya para makalimutan kahit paano ang sakit sa kanyang puso.

Napailing si Marianne at tumayo mula sa silya na nasa harapan ng drawing table niya. Hindi na niya dapat pang iniisip ang bagay na iyon dahil lalo lang siyang nasasaktan. Nagparaya na siya at hindi ganoon kahina ang loob niya para sirain ang mga pangakong binitiwan niya sa mga taong mahal niya para lang lumigaya.

Sinundan niya ang kapatid palabas ng kuwarto at nakita niya na naroon pa rin ang kakaibang expression sa mukha nito. Nang malapit na sila sa sala, lumiko na ito sa pasilyo na papunta sa sarili nitong silid. It was odd. Usually, sa tuwing may bisita siya, gustung-gusto ng kapatid niyang kinukulit ang mga ito. Hindi na siya nagtanong. Malalaman naman niya kung ano ang dahilan ng kakaibang mood ng kapatid niya kapag nakita na niya ang bisita sa sala.

Hindi nagkamali si Marianne sa inisip at hindi rin nagkamali ang takot na pakiramdam niya. Dahil nakaupo sa sofa ng sala, suot ang isang itim na ternong business suit, may hawak na puting panyo at may suot na isang pares ng dark-tinted sunglasses ang pinakahuling mukhang gusto niyang makita sa buong buhay niya.

Pinigilan ni Marianne ang sarili na tumalikod at tumakbo pabalik ng kuwarto niya at ikandado iyon,

pero alam niya na nothing short of a real disaster could have brought this woman to her right now. Lalo na ngayon. Iyon ang usapan nila dati at tinupad niya ang parte niya sa kasunduan nila. Pinilit ni Marianne ang sarili na ipakitang kalmado siya kahit na gusto na niyang umiyak. Pinilit niya ang sarili na tumayo nang tuwid kahit sa loob ay nanginginig na sa sobrang sakit ang kaluluwa niya.

"Katrina," pormal at malamig na bati niya sa bisita. "What brought you here?"

Nakatingin lang ang babae sa kanya. Hindi mabasa ni Marianne ang expression ng mga mata nito na nagtatago sa likod ng salaming iyon. Hindi siya magpapakita ng pag-aalangan at hindi siya kukurap.

Pagkatapos ng ilang sandali ng ilang na katahimikan ay nagsalita rin si Katrina. Uncharacteristically subdued ang tono ng boses nito; so unlike the Katrina she once knew and trusted with her whole life.

"Pumayat ka, Marianne."

Nilulon ni Marianne ang mapait na luhang nagtangkang tumakas sa kontrolado niyang tinig at huminga nang malalim bago sumagot. "I guess,

having betrayed by your best friend can do that to you."

Napayuko si Katrina sa sinabi niya. "Hindi mo na ba talaga ako mapapatawad sa ginawa ko?"

Noon, kapag nagkakaganito ang babae, ang kaagad na ginagawa ni Marianne ay nilalapitan ito at niyayakap at inaalo. Pinapatawad sa kahit na anong bagay na ginawa nito laban sa kanya o sa iba. Pero hindi na ngayon. Hindi na niya kaya pang magpatawad ngayon.

Nanigas ang panga ni Marianne at sinimulang talikuran ang bisita habang isinisiksik ang malalamig niyang salita sa pagitan ng naggigitgitan niyang mga ngipin. "Kung wala ka rin naman palang importanteng sasabihin—"

"Sandali!"

Natigilan siya sa pagtalikod pero hindi na niya magawa pang humarap dito. Hindi madaling magpatawad. Hindi na ngayon. "I thought we've already said everything that needed to be said. Wala na 'kong maisip na sabihin pa sa 'yo."

Narinig niya ang mahihinang paghikbi ni Katrina sa likuran niya pero ni hindi niya ito sinulyapan. Bato na ang puso niya at ang babaeng ito ang dahilan.

“Marianne, nagawa ko lang naman ’yon dahil mahal na mahal ko si Jason!”

Hindi makapaniwalang napaharap si Marianne sa dating kaibigan. Nagsimulang sumungaw sa gilid ng mga mata niya ang luhang kanina pa niya pinipigilan.

“Mahal mo siya? Paano naman ako, Katrina? Paano si Jason? Alam mong ako ang mahal niya pero kinonsyensya mo siya! You seduced him para mapunta sa ’yo at nang hindi ’yon naging effective, binlackmail mo siya at sinabi mong magpapakamatay ka kapag hindi ka niya pinakasalan!

“Hiningi mo pa nga ang tulong ko para pumayag siya na pakasalan ka at sinabi mo rin sa ’kin na kapag di ko ’yon ginawa magpapakamatay ka rin! Pati mga magulang mo nagmakaawa at lumuhod sa harapan ko, Katrina! Hindi mo lang alam kung gaano kahirap para sa akin—”

Hindi na nakapagpatuloy sa pagsasalita niya si Marianne. Tinalikuran niya si Katrina at hinayaang tumulo ang luha na hindi na niya makontrol. Akala niya naiiyak na niya ang lahat ng tubig sa katawan niya noong unang limang buwan simula nang mangyari ang lahat ng iyon. Hindi pa pala. Marami pa palang natitira.

Akala rin niya nabawasan na ang sakit. Pero hindi pala permanente ang anesthesia na dala ng trabaho niya. Walang makababawas sa sakit na nararamdaman niya. At habang nakikita niya at naririnig ang babaeng ito, lalo lang siyang nasasaktan.

“Hindi ko dapat ’yon ginawa pero talagang mahal na mahal ko siya, Marianne. Hindi ko kayang mabuhay nang wala siya sa ’kin,” humihikbing sabi nito.

Narinig niya ang panginginig ng boses ni Katrina. Hindi niya mapigilang isipin kung kanino kaya sa puso nilang dalawa ang may mas malalim na sugat. Kung sino sa kanila ang mas nasaktan?

“Kung alam ko lang sa umpisa na ikaw pala ang gusto niyang makasama bago siya mamatay, hindi ko na sana kayo pinakialaman,” dagdag pa nito.

Parang may malamig na tubig na biglang bumuhos kay Marianne sa narinig niyang mga huling salita. Hindi niya napigilan ang pagharap muli sa babae. “A-ano’ng sinasabi mo?”

Nanginginig ang mga labi na iniangat nito ang ulo para tumingin ulit sa kanya at humihikbing sinabi ang lahat. “Patay na si Jason, Marianne. Namatay siya last week dahil sa leukemia. Kanina lang siya

inilibing."

Napaatras si Marianne na para siyang tinulak at kinailangan niyang kumapit sa isang malapit na mesa para hindi siya bumagsak sa sahig habang nakatitig sa dating kaibigan. Pakiramdam niya humintong bigla ang pag-ikot ng mundo at ang tibok ng puso niya. Napalunok siya, napahinga nang malalim, bago ulit nakapagsalita.

"Hindi 'yan totoo, Katrina. Hindi 'yan magandang biro. Sabihin mo ang totoo!"

Lalo lang lumakas ang mga hikbi nito at napaluhod sa sahig habang nakalibing ang mukha sa hawak nitong panyo. "Hindi ko alam na may sakit na pala siya! Nalaman ko na lang last month na malapit na pala ang taning na ibinigay sa kanya ng mga doktor at wala na kaming magagawa! I'm so sorry, Marianne. I'm so sorry!"

Parang wala siyang narinig sa mga sinabi nito. Ang tanging rumehistro sa utak niya ay ang mga salitang 'Patay na si Jason!' Nawala ang lahat ng dugo sa mukha niya at napayakap siya sa sarili habang nanlalaki ang mga mata na napaluhod sa sahig.

Unti-unting napalitan ang gulat niya ng galit

at sinugod niya si Katrina. Mahigpit na hinawakan niya ang magkabilang balikat nito.

“Pumayag ako na pakawalan siya at mapakasal sa ’yo dahil naawa ako sa ’yo at sinabi mo sa ’kin na aalagaan mo siya! Nangako ka sa ’kin, Katrina! Nangako ka!”

“I’m so sorry!” hiyaw nito habang umiiyak at unti-unting dumudulas mula sa pagkakahawak ni Marianne para lumuhod uli sa sahig. “Pinilit kong gawin ang lahat ng ipinangako ko pero hindi ko magawang patagalin pa ang buhay niya! Acute na ang leukemia at hindi na siya matulungan pa ng mga gamot! Kung may iba pa sanang paraan…”

Napatitig si Marianne rito pero hindi niya ito nakikita. Wala na siyang makita dahil sa pagtulo ng luha mula sa mga mata niya nang hindi man lang niya namamalayan. Pakiramdam niya nananaginip lang siya at nagdadasal na, sana, mayroong gumising sa kanya.

“Hiniling niya sa akin na huwag kong sasabihin sa ’yo na may sakit siya at kung ano ang mangyayari dahil ayaw na niyang lalo ka pang mahirapan, pero may iniwan siya para sa ’yo bago siya mawala,” mayamaya ay sabi ni Katrina pagkatapos ay nilagay nito ang puting sobre sa kamay niya.

Hindi pa rin kumikilos si Marianne. Walang ibang laman ang utak niya kundi ang mukha ni Jason na masigla at nakangiti sa kanya.

"Ito ang bahay na ipinagawa niya para tirhan ninyo sana pagkatapos ninyong magpakasal. Isinekreto daw niya para sorpresahin ka pagkagaling ninyo sa honeymoon ninyo. Nasa loob ng sobreng 'yan ang lahat ng detalyeng kailangan mo. He wanted you to have it. P-para hindi mo raw siya makalimutan."

Hindi na namalayan ni Marianne ang pag-alis ni Katrina. Ni hindi niya alam kung paano siya nakabalik sa kuwarto niya pagkatapos niyon. Basta ang alam niya, nang magawa na niya uling makakita nang malinaw, wala siyang ibang kasama kundi ang puting sobre na nakuyumos na sa nakasara niyang mga kamay.

# 1

Nakasimangot at kasing-dilim ng mood ni Anthony ang lagay ng panahon habang nagda-drive siya sa kahabaan ng isang deserted na kalsada na halos bahain na ng malakas na ulan papunta sa villa ng paternal grandmother niya. It was not usual for him na umuwi nang ganito kaaga taun-taon galing sa pag-aasikaso niya sa mga negosyo nila sa Italy pero espesyal ngayon ang mga circumstances ng pag-uwi niya. Nangyari na kasi sa wakas ang kinatatakutan niya.

Naabala ang pag-iisip niya nang tumunog ang kanyang cellphone. Pinindot niya ang bluetooth headset na nasa kanang tainga niya para sagutin iyon. “Hello?”

Isang pamilyar at masayahing boses ang bumati sa kanya sa kabilang linya. “Hey, Anthony! Kamusta na? Nasaan ka na ngayon?”

“Lawrence, nandito na ako sa ’Pinas. Ano ba’ng kailangan mo?” exasperated na sabi niya.

Bata pa lang ay magkasama na sila ni Lawrence. Malapit na magkaibigan ang mga tatay nila noong

buhay pa ang mga ito. Kung sa aksidente namatay ang ama ni Anthony, sa stroke naman binawian ng buhay ang papa ni Lawrence tatlong taon pa lang ang nakakaraan. Silang dalawa na ang namamahala ng kani-kanilang mga negosyo since then. Dahil din doon kaya bibihira na lang silang magkita.

“Dala mo na ba ang girlfriend mo? Nandiyan ba siya ngayon?” parang excited na hiling ni Lawrence. “Parinig naman ng boses niya, sige na!”

Napangiwi si Anthony. “Nang-aasar ka ba?”

Tumawa lang si Lawrence. “Ikaw naman, hindi ka na mabiro! Ako naman ang nag-warning sa ’yo tungkol sa pinaplano ni Lola Lucy, di ba?”

Napaangil lang si Anthony bilang sagot. Hindi na kailangan pang ulitin sa kanya ng kahit na sino ang balak ng Lola Lucy niya na i-announce sa harap ng magiging bisita nito ang engagement sa pagitan niya at ng dalaga nitong inaanak na inampon na ng matanda simula nang maulila ito five years ago.

Alam niyang gagawin iyon ng abuela niya para masiguro na wala na siyang ligtas. Alam din ng lola niya na kapag tumanggi siya at ni-reject niya in public si Samantha, malabo nang makahanap pa ito ng mapapangasawang kabilang sa alta sociedad

na ginagalawan nila. Whether he wanted it or not, malaki ang impluwensya ni Anthony sa social circles nila. Kung ano ang aayawan niya, aayawan na rin ng lahat.

"Pare, wala ka na sanang problema kung hindi ka nagsinungaling at sinabi mo kay Lola na may fiancée ka na."

"Ano naman ang gusto mong gawin ko?" angil ni Anthony sa kausap. "Hawak-hawak na niya sa leeg 'yung kawawa niyang ampon last year at ipinangangalandakan na sa mukha ko!"

"Sa madaling salita, nag-panic ka?"

"Hell, of course I panicked!" inis niyang sagot. "Ano bang reaksyon ang inaasahan mo sa 'kin sa gan'ong sitwasyon?"

Naging medyo seryoso ang tono ng boses ni Lawrence nang muli itong magsalita. "Alam mo, an arranged marriage really isn't that bad, Anthony. Maganda naman si Samantha, matalino, may poise—"

"If you think she's so great then why don't you marry her yourself?" angil niya.

"I would pero she's way out of my league, pare,"

natatawa na sabi nito.

"Hindi ako papayag na mangyari sa 'kin ang nangyari sa mga magulang ko," seryoso ring sagot ni Anthony. "Mahal ko si Lola pero hindi ako papayag na diktahan niya ang magiging kasal ko."

"Hindi mo siya masisisi," nakikisimpatyang sagot ni Lawrence. "Kayong dalawa na lang ang natitira sa pamilya ninyo at ayaw niyang mapunta lang ang lahat ng pinaghirapan ni Lolo Marshall at pinaghirapan mo sa malalayo ninyong kamag-anak nang gan'on na lang kapag wala na siya."

"Even so, hindi ako magpapakasal sa dikta lang niya dahil hahanapin ko ang babaeng gusto kong mahalin kahit na—Sh*t!"

Hindi na natapos ni Anthony kung ano ang gusto niyang sabihin dahil sa biglang pagliko sa kotse niya at pagpreno para iwasan ang isang itim na pick-up na naka-park sa susunod na likuan sa daan. Muntik na niya itong mabangga dahil hindi ito madaling makita sa ilalim ng dilim at ulan. Lalo siyang namutla nang makita niyang may taong lumalabas sa sasakyan at may hawak itong flashlight na nakatutok sa direksyon niya. Buti na lang at naka-on ang mga tail lights ng sasakyan nito, kung hindi, baka nakapatay na siya!

“Anthony! Pare, ayos ka lang ba?” nag-aalalang sigaw ni Lawrence sa kabilang linya.

“I’m fine,” nanghihina niyang sagot sa sobrang relief. Ngayon lang siya natakot nang ganito sa buong buhay niya! “Mamaya na tayo mag-usap, may aasikasuhin lang ako,” aniya saka tinapos na ang tawag.

Kinuha ni Anthony ang jacket niya sa backseat at isinuot ito pati na rin ang hood para sa ulo bago bumaba ng sasakyan at sinugod ang driver na nasa tabi pa rin ng pick-up. Dahil sa ilaw ng flashlight nito ay hindi niya makita ang mukhang nasa ilalim ng malaki nitong berdeng kapote.

“Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo?” sigaw niya. “Hindi mo ba alam na muntik na kitang—”

“Ayos ka lang ba?”

Natigilan si Anthony at napasimangot habang nakatitig sa taong muntik na niyang mapatay. Babae pala iyon. Nang tapatan niya ito ng flashlight at makita ang mahabang kumpol ng buhok na nakabitin mula sa hood ng jacket nito ay nakumpirma niya ang mga suspicion niya.

“Pasensya ka na, nasiraan kasi ako,” paliwanag ng babae.

May kakaibang epekto kay Anthony ang banayad na boses ng babae pero umiling siya at sinabi sa sarili na dahil lang iyon sa muntik na niyang aksidente kanina.

"Hihingi sana ako ng tulong kaya lang hindi ko alam kung sino ang tatawagan ko saka nag-empty na ang battery ng cellphone ko. Pasensya na talaga."

Gustong magalit ng binata pero bakit hindi niya magawa? Bakit may kung anong nagsasabi sa kanya na dapat niyang makita ang mukha ng babaeng kaharap niya?

"Nasiraan ka?" nasabi na lang ng binata.

Napabuntong-hininga sa sobrang exasperation ang babae. "Hay, oo. Hindi ko nga maintindihan kung ano ang nangyari, eh. Maayos naman 'to kanina. Baka may alam ka naman sa pag-aayos ng mga sasakyan, mister?"

Napasimangot si Anthony dahil sa pagtindi ng pagkailang niya sa harap ng babaeng kausap. Hindi niya maalala kung kailan siya huling nakaramdam ng ganoon sa ibang tao. "Wala pero may talyer sa susunod na bayan na madadaanan mo mula rito pero napakalayo pa n'on."

Tahimik munang nag-isip ang babae bago

nagsalita. "I guess, I'll probably just stay here until morning. Puwede ko bang mahiram ang cellphone mo para makatawag ng tulong na susundo sa 'kin dito?"

"Are you out of your mind?" di-makapaniwalang ani Anthony. "Hindi ba muntik ka nang maaksidente kanina? Delikado rito lalo na't nag-iisa ka."

"It's okay. Sanay na naman ako nang nag-iisa," nakangiting turan nito.

Anthony sighed. "Bakit hindi ka na lang kaya sumama sa 'kin para maihanap kita ng matutuluyan?"

Pero nginitian lang siya ng kausap. "No, thanks. Kaya ko ang sarili ko. Isa pa, responsibilidad ko na warning-an ang mga susunod na sasakyan na dadaan dito para hindi sila mapahamak. Salamat na rin, saka pasensya ka na ulit, ha? Mabuti pa umuwi ka na. Worried na siguro sa 'yo ang pamilya mo ngayon."

Pakiramdam ni Anthony may mga dulo ng karayom na nagdo-drawing ng figure of eights sa puso niya. There was just something about the way she said those words.

Sinimangutan niya ito habang namumuo sa utak niya ang isang hinala. Tinitigan niya ito nang

mabuti hanggang sa mapaiwas ito ng mga mata at medyo nagulat si Anthony sa confirmation ng duda niya.

"Takot ka ba sa 'kin?"

"Bakit naman hindi? Ni hindi nga kita kilala, eh," taas-kilay na sabi ng babae.

Nakaramdam ng iritasyon ang binata. Sanay siya na pinagkakatiwalaan nang walang tanung-tanong. "Hindi naman kita aanuhin! Ikaw na nga ang gustong tulungan."

Tinawanan lang siya ng babae. "Masisisi mo ba 'ko? Paano na lang kung rapist ka pala o serial killer? Hindi naman ako gan'on katanga, ano?"

Nainsulto si Anthony at sinimangutan niya ito. "Kahit na kailan, hindi pa 'ko nasabihang mukha akong rapist o serial killer."

Napakibit lang ng mga balikat ang babae. "Well, there's always a first time for everything."

Naningkit ang mga mata ni Anthony nang makita expression ng mukha nito. Did he just see her smirking at him?

Mayamaya ay nakarinig naman siya ngayon ng tawa. Parang haplos iyon na nagpainit sa buong

katawan niya sa kabila ng ulan.

Sa loob ng ilang sandali ay walang ibang magawa si Anthony kundi ang tumayo sa ilalim ng palakas nang palakas na ulan at tumitig sa babaeng kausap niya. Kaya ba niya itong iwan nang nag-iisa roon?

Common sense ang nagsasabi sa kanya na wala siyang pakialam dito at hindi niya ito dapat pagkatiwalaan. Pero sa kauna-unahang pagkakataon, hindi niya iyon pinakinggan at para iyon sa kapakanan ng ibang tao na hindi related sa kanya.

"Sakay na," bruskong utos ni Anthony sa kaharap at pinilit na maging kalmado. "Hahanapan kita ng matutuluyan mo."

Sandaling nanaig ang katahimikan sa pagitan nila at para maitago ang lalong lumalala niyang pagkailang ay nagpakilala na siya. "Ako nga pala si Anthony Mariano."

Parang napakurap sandali ang babae bago ito nakapagsalita ulit. "Ako naman si Marianne Alante. It's nice to meet you, Anthony. Nandito ako para magbakasyon nang konti."

Alam niya na malamang, nasisiraan na siya ng bait sa ginagawa niyang ito. Pero isang tingin lang sa ngiti nito ay wala na siyang nagawa.

Hindi niya ito kayang iwanan na nag-iisa.

# 2

"Wait lang, sabi mo hahanapan mo lang ako ng tutulugan?" ani Marianne nang mapansing papasok ang kotse nito sa isang malawak na villa.

Napabuntong-hininga si Anthony. "Hindi mo ba napansin na wala tayo kaninang nadaanan ni isang bahay? Kasi ang lahat ng lupa rito, pag-aari namin ng lola ko. Kung hahanapan kita ng hotel then magda-drive pa tayo nang dalawang oras para makarating sa bayan and frankly, I find that impractical since pareho tayong gutom at basang-basa. Kaya naisip kong isama na lang kita pauwi para dito na matulog."

"H-hindi ba nakakahiya sa lola mo?" di-mapakaling tanong ng dalaga.

"Tatlo lang kaming nakatira sa bahay na 'yon at masyadong marami ang mga kuwarto. I'm sure my lola wouldn't mind if I let you stay in the house."

Natahimik na lang si Marianne. Para kasing hindi na tama na makipag-away pa siya sa kasama niya. Kakapalan na lang niya ang mukha niya. Pero hindi niya inaasahan ang makikita pagkarating nila sa driveway na halos kalahating oras pa ang layo mula

sa gate na pinasukan nila kanina. Isang napakalaking bahay ang tinigilan ng kotse ni Anthony.

Hindi niya napigilang mapasinghap. “Dito ka nakatira?”

Lumabas ito ng sasakyan at pinagbuksan siya ng pinto ng kotse. “Oo. Di ba sabi ko sa ’yo kanina, malapit lang ang bahay namin?”

“Yes, you did. But I didn’t know you live in a mansion!” mahinang singhap ni Marianne at lalong nanlaki ang mga mata nang makita ang mga katulong na nakahilera sa loob ng malaking pintong nakabukas at naghihintay para sa kanila. “Parang lalo lang yata akong nailang.”

Hindi na nakasagot sa kanya si Anthony dahil may dalawang katulong na lumapit, pinayungan sila at ineskortehan papasok ng bahay.

“Welcome back, Sir Anthony,” bati sa kanila ng isa sa mga taong naghihintay kasama ng mga katulong at tila pinakamatanda sa grupong iyon. May malapad itong ngiti sa mukha at parang katiwala sa bahay na iyon. “Kamusta naman po ang biyahe?”

“Mabuti naman po,” sagot ni Anthony. “Kamusta naman ho kayo rito?”

"Mabuti naman ho," sagot ng matandang babae na pasulyap-sulyap sa direksyon ni Marianne na parang gusto siya nitong buksan at kalikutin. Lihim na napalunok ang dalaga. "Medyo nagulat lang ho kami na nagdesisyon kayong umuwi ngayong taon nang mas maaga."

"Si Lola?"

"Nagpapahinga na ho," anito na may kaunting kalungkutan sa boses. "Nanghihina kasi siya kaninang umaga kaya sinabi ng doktor na huwag na raw siyang patayuin sa kama."

Tumango si Anthony at inabot sa isang katulong ang hinubad nitong jacket pero hindi nakatakas kay Marianne ang kalungkutan at pag-aalala na dumaan sa mukha nito.

"Sa umaga ko na lang siya pupuntahan." Nang sumulyap ito kay Marianne, nawala ang mga emosyon na iyon sa mukha nito. "Ito nga pala si Miss Marianne, pakiasikaso n'yo siya at bigyan n'yo siya ng kuwartong matutulugan. Pagkatapos niyang magbihis, ihatid n'yo siya sa private study ko, doon na kami kakain ng hapunan."

"Opo, Sir Anthony."

Binalingan siya ni Anthony pagkatapos magbilin

sa mga katulong. “Mauna ka nang magbihis at hintayin mo na lang ako. May tatawagan lang ko bago ako tutuloy sa kuwarto ko.”

Ngumiti at tumango nang bahagya si Marianne. “Sige, salamat.”

Tinitigan pa siya ni Anthony nang ilang sandali bago ito umalis at nawala pagliko sa isang corridor at hindi niya ito napigilang sundan ng tingin. Imahinasyon lang ba niya o para yatang napatagal ang titig ng lalaking iyon sa kanya? Ano kaya ang iniisip nito? Parang sa harap ng iba o maraming tao, nagbabago ito ng ugali at nagiging parang makapal na batong pader na hindi maaakyat o masisira ng kahit na sino.

“Dito ho tayo, Miss Marianne,” basag ng boses ng kasambahay sa kontemplasyon niya tungkol sa binata.

Binigyan na lang niya ito ng isang tango at saka sinundan. Napansin niyang masyadong curious ang mga katulong sa kanya.

“Dito ho ang kuwarto ninyo, Miss Marianne.”

Namangha siya sa silid na ipapagamit sa kanya. Lahat ng gamit ay pulos mamahalin. Sa paanan ng kama ay nakita niya ang itim na travel bag niya.

Inakyat na siguro ito ng isa sa mga katulong habang nakikipag-usap sila ni Anthony sa mayordoma.

"Pasensya na ho kung biglaan ang pagdating ko rito, hindi ko ho sinasadyang mang-abala pa," nahihiyang sabi niya.

"Ah, wala ho 'yon, Ma'am," natutuwang sagot nito. "Matagal na ho kayong hinihintay ng amo ko. Ibinilin niya na asikasuhin naming mabuti ang nobya ni Sir Anthony pag dumating siya. Sige ho," dagdag pa nito bago iniwan ang dalaga sa silid.

Nanlalaki ang mga mata ni Marianne pagkaalis ng babae. Tama nga ba ang narinig niya? Napagkamalan pa yata siyang nobya ng unggoy ng iyon. Natawa na lang siya habang naghahanda na maligo. Ikukuwento niya iyon kay Anthony mamaya para may pagtawanan sila over dinner.

Mayamaya ay tinawag na siya ng isa pang katulong. "Miss Marianne, handa na ang dinner. Gusto po ni Sir Anthony na sumabay na kayo sa kanyang kumain. Ihahatid na kita sa kanya ngayon."

"O-o, sige, susunod na po ako," aniya saka sinundan ang katulong.

Hindi pa rin siya makapaniwala na sumama na lang siya basta sa isang lalaki na ni hindi niya kilala!

Ano ba ang nangyayari sa kanya? Sa isang banda, alam niyang kailangan niya ng tulong at sa tingin naman niya ay mabuting tao si Anthony.

"Nandito na po si Miss Marianne, Sir," nakangiting pahayag ng katulong nang makarating sila sa harapan ng isang pinto. "Naghihintay na po siya sa loob."

"Thank you," magalang na sabi niya rito bago pumasok sa loob.

Nang maisara na niya ang pinto ay noon lang siya nakahinga nang maluwag. Bakit ba parang hindi niya nagugustuhan ang tingin sa kanya ng mga tao rito? Parang may kung ano silang inaasahan at panay ang sulyap nilang lahat sa kaliwang kamay niya? Ang weird!

"May problema ba?"

Napatingin si Marianne sa direksyon ng pamilyar na ngayong boses at nakita niya sa di-kalayuan ang isang dining room na mas maliit kaysa sa nadaanan niya kanina nang dalhin siya ng mga katulong sa second floor.

Napailing lang ang dalaga at lumapit rito. "Wala naman, medyo nagulat lang ako. Hindi ko naman kasi talaga akalain na dito mo 'ko dadalhin."

Nagtaas ng isang kilay si Anthony habang nagsasalin ng red wine sa baso at inabot sa kanya. “Relax ka lang.”

Napangiti nang kaunti si Marianne habang nauupo. “Kasi ngayon pa lang ako nakakapunta sa parteng ’to ng Tagaytay kaya medyo ninenerbiyos ako.”

Curious itong napatingin sa kanya. “Ngayon lang? Then, bakit ka nandito ngayon?”

Naging malungkot ang ngiti ni Marianne habang pilit na itinatago ang nararamdaman. “May hinahanap kasi ako.” Napailing siya, ayaw niyang pag-usapan ang bagay na iyon ngayon. “Sabi mo tatlo kayo rito. Wala ba sila? Nagbakasyon ba?” pagbabago niya sa usapan.

“Ah, hindi.” Medyo napatikhim si Anthony at nagsimulang kumain. “Dito nakatira ang lola ko. Umuuwi lang ako rito every year para sa birthday niya dahil ang mga negosyo namin ay nasa Italy.”

“Ibig sabihin birthday ng lola mo ngayon?” tuwang tanong ni Marianne.

Namula ang mga pisngi ni Anthony. “Ah, hindi, sa isang buwan pa. Espesyal lang talaga ang dahilan ng pag-uwi ko ngayong taon na ’to.”

"Ang lungkot siguro niya rito," halos wala sa sariling komento ng babae. "Hindi ba sumasama sa pag-uwi mo rito ang parents mo?"

"Wala na sila pareho."

Natigilan siya sa narinig at nakaramdam ng guilt. "I'm sorry."

"Don't be," anito saka umiling. "Matagal na silang wala. Hindi naman gaanong nalulungkot ang lola ko dito. In fact, she adopted one of her goddaughters a few years ago at sila ang magkasama rito habang wala ako. Isa pa, my grandmother always finds a way not to be lonely."

"Sounds like a very interesting woman."

"She is," sagot ni Anthony na may kaunting ngiti sa labi. "Noong kabataan niya, napakalaki na niyang anomalya. She says it's one of the things that my grandfather loved about her."

Nakaramdam ng pag-aalala si Marianne. "Sigurado ka bang hindi siya magagalit kapag nalaman niyang dinala mo 'ko rito?"

"Trust me, she won't."

Medyo napangiwi si Marianne. "Bakit kasi dito mo pa 'ko dinala, eh."

Napabuntong-hininga ito bago sumagot. "Gagawin ko ang gusto ko and there's not one damned thing anyone can do about it."

"You sounded a little rebellious just now," komento ni Marianne sa kausap. "May problema ba?"

Parang batang nagmamaktol na napasimangot si Anthony sa bintanang malapit sa kanila kung saan nakikita pa rin nila ang malakas na buhos ng ulan. "You can say that."

Hindi na nagtanong ang dalaga at nagpatuloy sa pagkain. This man's family problems were none of her business. Tahimik nilang natapos ang pagkain.

"Salamat, ha?" sinabi na lang ni Marianne mayamaya. "Nakakahiya naman. Ako na nga ang muntik na makapagpahamak sa 'yo kanina, ako pa 'tong tinutulungan mo. Kung kailangan mo ng tulong, sabihin mo lang sa 'kin—"

Hindi pa natatapos ni Marianne ang mga sasabihin niya nang biglang bumukas ang pintuan ng silid na iyon at halos lumipad mula roon ang anyo ng isang nakatatandang babae na maliit lang pero nakasuot ng mamahaling houserobe at naka-makeup pa. Her first impression was that, that must

be a miniature dragon. Kulang na lang kasi, bumuga ito ng usok mula sa ilong, nakakatakot at nakaka-intimidate ang hitsura nito.

Sa kabila ng obvious na edad nito ay napansin ni Marianne na matatalas pa rin at alerto ang magaganda nitong mata. At kaagad na napako sa kanya ang paningin niyon. Pagkasipat sa anyo niya mula ulo hanggang paa ay biglang nawala ang simangot sa mukha nito at napalitan ng isang malapad na ngiti sabay lapit sa kanya.

"Siya na ba, Anthony?" excited na tanong ng matandang babae gamit ang garalgal nitong boses. "Aba, talaga nga palang napakaganda niya! Ang galing talagang pumili ng apo ko!"

Sinulyapan ni Marianne ang binata at nagulat nang makitang mukhang napa-panic ito. Siya naman, nalilito. Ano ba ang nangyayari?

"L-Lola! Ano po ba'ng ginagawa ninyo, sabi ng mga katulong, tulog na kayo?"

Binugaw lang ng matandang babae ang mga sinabi ng apo na parang nagpapaalis lang ito ng langaw, nakapako pa rin ang tuwang mga mata nito sa mukha ni Marianne na lalo lang nagbigay sa kanya ng isang hindi magandang premonition.

Mukhang may hindi magandang mangyayari sa kanya ngayong gabi.

At the same time, gusto niyang matawa. Sino ang mag-aakala na ang isang lalaki na kasinlaki at self-assured ni Anthony ay napapasunod ng isang kumpas lang ng lola nito?

"Nonsense, hijo, ibinilin ko naman sa kanila na gisingin ako kahit ano pa'ng oras kapag dumating ka na." Sabik na kinuha ng matanda ang mga kamay ni Marianne at tiningnan ang mga daliri nito na parang may hinahanap. Parang nakita naman nito kung ano ang kailangan nitong makita dahil lalong lumawak ang ngiti nito sa labi. "Hindi ako makapaniwala, ito na yata ang pinakamasayang araw sa buhay ko!"

Ramdam niya ang kahinaan ng katawan ng matandang babae sa kabila ng enerhiyang ipinapakita nito. Her strength of will touched Marianne, kaya naman binigyan niya ang matandang babae ng isang mainit na ngiti at pinisil nang kaunti ang maliliit nitong kamay.

"Kamusta po kayo? Ako po si Marianne. Marianne Alante. Kayo po ang lola ni Anthony? Kinukuwento lang niya kayo sa 'kin kanina."

Humagikgik naman ang matanda at napangiti

siya lalo. Katunog ng tawa ng isang bata ang halakhak nito. “Please, dear, tawagin mo na rin akong Lola Lucy. Huwag na ako ang pag-usapan n’yo. Gusto kong malaman kung kailan ang kasal ninyo.”

Napakurap sandali si Marianne at tumigil bigla ang buong mundo niya. “Kasal?”

“At kung kailan ipapanganak ang una kong apo sa tuhod.”

Muli siyang napakurap. “Apo?”

Parang hindi naman napapansin ng matanda ang mga reaksyon niya dahil lalo lang itong natutuwa. “Hindi na talaga ako makapaghintay!”

Bago pa siya makapagsalita ulit at makapagtanong ay bigla na lang niyang naramdaman ang pag-akbay sa kanya ng isang malakas na braso at ang pagyakap ng isa pa sa kanya hanggang sa maipit ang bibig at ilong niya sa isang matikas at malapad na dibdib na nasusuotan ng isang itim na sweater.

“Lola!” saway ni Anthony sa matanda pero malinaw na narinig ni Marianne rito ang mga maliliit na traces ng panic. “Huwag n’yo naman po siyang takutin nang ganyan! Kararating lang namin galing airport, pagod pa siya!”

"Oh, I'm sorry," anang ginang. "Excited lang talaga kasi ako."

"Magpahinga na po kayo, Lola," utos ng apo nito. "Kapag nagkaroon po kayo ng relapse, baka kung ano pa ho ang mangyari sa inyo. Di ba, ang sabi ng doktor ninyo, bawal sa inyo ang nagpapagod?"

"I'm just excited to meet my future granddaughter-in-law. Wala naman sigurong masama doon, hijo."

Pakiramdam ni Marianne, nanigas ang buong katawan niya sa narinig at pinilit niyang tumingin sa matanda para tingnan kung seryoso ito pero pinigilan siya ng kamay ni Anthony na lumipat sa ulo niya at idiniin ang mukha niya sa dibdib nito.

"Lola, gusto ko lang po na alagaan ninyo ang kalusugan ninyo."

"I suppose you're right." Napabuntong-hininga ang abuela. "Very well then, good night, Marianne."

Sinubukan ng dalaga na magprotesta at sabihin na hindi siya ang girlfriend ni Anthony pero hindi siya makahirit. Idinidiin ng binata ang mukha niya sa dibdib nito, dahil doon ay hindi na siya halos makahinga pa.

Ito na lang ang sumagot para sa kanya. "Good

night din daw, Lola."

Sinubukan ni Marianne na tumulak palayo sa mainit at matigas na dibdib na iyon pero lalo lang hinigpitan ni Anthony ang yakap sa kanya hanggang sa marinig na lang niya ang pagbukas-sara ng pinto. Noon lang siya pinawalan ng lalaki.

"Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo?" angil ni Marianne habang habol ang hininga. "Gusto mo ba 'kong patayin?"

Hindi siya pinansin ni Anthony. Imbis ay lumapit ito sa pinto at sumilip sa labas para tingnan ang corridor kung may tao pa roon o wala. Nang makasiguro ay isinara na nito ang pintuan at ini-lock bago muling lumapit sa kanya. "I'm sorry about that."

"Sorry?" halos tili ni Marianne na namumutla. "Muntik mo na 'kong mapatay! At isa pa, ano 'yong narinig kong kasal? Saka apo? Saka granddaughter-in-law?"

"Stupid! Ang tanga ko talaga!" ungol ni Anthony sabay salampak sa silya nito kanina at napasapo sa noo. "I should've known this would happen! Bakit ba hindi ko naisip ang bagay na 'yon?"

"Hoy, ano ba'ng sinasabi mo diyan?" medyo

ninenerbiyos nang tanong niya.

"Wala na 'kong magagawa." Biglang napatingin si Anthony sa kanya at hindi napigilan ni Marianne na humakbang paatras dahil sa determinasyon na nabasa niya sa mga mata nito. "Magmula ngayon, ikaw na ang fiancée ko."

Nanlaki ang mga mata niya at di-makapaniwalang napatitig sa lalaki bago napasigaw. "Ano'ng sinabi mo?"

# 3

Unti-unti nang nawawala ang panic na tumama kay Anthony kanina nang bigla na lang dumating ang lola niya. Akala niya aatakihin na siya sa puso. Ganoon na lang ang gulat niya nang mapagkamalan nito si Marianne na fiancée niya pero ganoon din naman ang relief na naramdaman niya pagkatapos. Bakit ba hindi niya iyon naisip nang mas maaga?

Natural, dahil binanggit niya noong isang taon ang tungkol sa pagkakaroon niya ng girlfriend sa Italy, mag-e-expect na ang lola niyang dadalhin niya ang imaginary fiancée niya roon ngayong taon. Nagkataon lang na may tinulungan siyang isang estranghera na nasiraan sa daan papunta roon habang namomroblema siya kung paano ipapaliwanag sa abuela kung bakit ayaw niyang ma-engage sa isang taong hindi niya mahal. Ibig sabihin, parang hulog ng langit sa kanya si Marianne.

Now if only he could convince her to work with him…

"Nasisiraan ka na ba ng bait?" sigaw ni Marianne nang maka-recover ito sa shock ng anunsyo kanina. Namumula ang mga pisngi nito at leeg at may halong

pagkapahiya ang galit sa magaganda nitong mata. “Anong fiancée ang sinasabi mo?”

Napatingin si Anthony rito. Ang babaeng ito ang perpektong fiancée para sa isang taong gaya niya. Maganda, matalino, mabait at may kakaibang misteryo na gusto niyang alamin. Gusto niyang malaman kung bakit hindi niya magawang umiwas kapag nakatutok na sa kanya ang magaganda nitong mga mata na may kakaibang lamlam. Napansin niya iyon habang nagda-drive sila papunta roon at nakita niya itong muli nang banggitin nito kanina na may hinahanap ito rito sa Tagaytay.

Tumayo si Anthony at tumigil sa harapan ng dalaga habang tinitigan ito sa mga mata. May kaunting panic din sa mga iyon na hindi nito naikubli.

“Ang sabi mo handa mo ’kong tulungan kapag ako naman ang nangailangan, di ba?”

“Oo nga!” balik nito. “But I assumed that whatever help you would ask from me would be within the bounds of sensible reason!”

“Bakit, sensible naman ang tulong na kailangan ko, ah!” painosente niyang sabi.

“Huwag ka ngang magtanga-tangahan diyan, puwede?” angil ni Marianne. “Sensible bang

matatawag na bigla na lang papasok rito ang lola mo at sasabihing dapat na tayong ikasal at nag-e-expect na kaagad siya ng apo?"

"Huminahon ka lang—"

"Huminahon! Paano ako hihinahon?" galit na galit na halos tili na ng dalaga. "Explain yourself bago kita mabato ng kung ano diyan!"

"Fine!" Nagtaas ng mga palad si Anthony habang pinipigilan ang sarili na ngumiti. He had a bad feeling na baka may kung anong di-magandang mangyari sa kanya kapag pinagtawanan niya ang babae. "Ganito kasi 'yon. Gusto ng lola ko na mag-asawa na 'ko and so she's planning to arrange a wedding between myself and her goddaughter na nakatira rin dito sa villa. Para maiwasan 'yon last year, gumawa na lang ako ng kuwento na meron na 'kong fiancée na gusto kong pakasalan. Hindi na niya ako kinulit after that, pero this year nalaman ko na kapag wala akong dinalang girlfriend sa party ni Lola, iaanunsyo na niya ang engagement namin ni Samantha. It's a situation I want to avoid for her sake."

"Bakit? Ayaw mo ba siyang pakasalan?"

"Dahil hindi ko siya mahal."

Sandaling natahimik si Marianne. Gumaan lalo ang pakiramdam ni Anthony nang makakita siya ng empathy sa mukha nito.

"Bakit hindi mo na lang sabihin sa lola mo na ayaw mo ng gan'ong klase ng arrangement?" sa wakas ay sabi ni Marianne.

Napabuntong-hininga si Anthony at napasuklay ang mga daliri sa buhok bago nakasagot. "She's my only living relative at napakatanda na niya. Gusto niya, bago man lang siya mamatay, mahawakan man lang niya ang apo niya sa tuhod. Hindi ko siya puwedeng outward na tutulan dahil may sakit siya at natatakot ako na baka mamatay siya sa sama ng loob kapag ginawa ko 'yon, o di naman kaya tuluyan siyang manghina sa pagpipilit sa akin na makapag-asawa na."

"Surely there's a way for the two of you to compromise—"

"Matalinong babae ang lola ko," putol niya sa mga suggestions nito. "Malalaman at malalaman rin niya kung nililoko siya o hindi. Napakalaking himala na nga nitong nakalusot tayo sa kanya. Ibig sabihin, unang kita pa lang niya sa 'yo, nagustuhan ka na kaagad niya. Ngayon, kailangan na lang kitang bigyan ng engagement ring…"

“Hindi, ayoko!” nagpa-panic na sabi nito. “Hindi ko magagawa ang pinapagawa mo sa ’kin.”

“It will only be for a while,” pangungumbinsi niya. “Pagkatapos ng birthday party niya, puwede na tayong umalis na dalawa and then, later on, I can just tell her na nag-away tayo kaya tayo naghiwalay.”

“Kung ikaw, kaya mong manloko ng kapwa mo, ako hindi!” Matalim na tinitigan siya nito.

Nagtagis ang mga bagang ni Anthony sa rejection nito sa kanya. Was he that repulsive para tanggihan siya ng babaeng ito? May hitsura naman siya, obvious na may-kaya saka may pinag-aralan. There was no reason she would not want to at least pretend to be his fiancée. Unless…

Napasimangot si Anthony at sinipat ang mga daliri ni Marianne, napansin niya na may tinitingnan doon ang lola niya na nakapagpangisi rito. Nang subukang itago iyon ni Marianne ay kaagad niya itong sinunggaban at doon nga nakasuot ang isang silver engagement ring na may diamond setting. Nakaramdam ng nakapanunuot-butong lamig sa dibdib si Anthony sa nag-iisang logical conclusion na pumasok sa utak niya.

“Engaged ka na?”

“It’s none of your business!” balik nito sabay subok na bawiin ang kamay pero hindi nito magawang kumawala sa pagkakahawak niya. “Bitiwan mo nga ako!”

Parang pinagtaksilan siya ng isang malapit na kaibigan. Parang napupunit ang puso niya at humahalo iyon sa galit para sa kung sinong lalaki na nagmamamay-ari na kay Marianne at wala siyang ibang gustong gawin kundi hanapin ang taong iyon at sirain.

“Sino ba siya? Nasaan ba siya? Napakagaling naman niyang boyfriend para pabayaan ka na lang na ma-stranded sa lugar na ’to nang nag-iisa—”

“Ano ba’ng alam mo?” galit na putol ni Marianne sa mga pang-iinsulto niya. “Wala kang alam at wala kang pakialam!”

Tahimik na napamura si Anthony. Hindi niya alam kung bakit nasasaktan siya. Ang nakakaasar pa roon ay hindi niya iyon maitanggi. Siya na magaling sa pagtatago ng mga emosyon niya kapag kinakailangan ay hindi maikubli na nasasaktan siya sa katotohanang nadiskubre niya!

Dahil doon ay pinilit niyang pakalmahin ang sarili. “All I’m saying is that ano pa at nagka-boyfriend

ka kung hindi ka rin naman niya maalagaan? Kung fiancée kita, hindi ako papayag na basta ka na lang gagala sa mga lugar na katulad dito sa 'min nang di ako kasama."

"Gan'on din naman ang gagawin niya," mahina at halos pabulong na sagot ni Marianne habang nakatungo. "Kung nandito pa siya ngayon. Hindi niya 'ko magagawang pabayaan."

Natigilan si Anthony. Hindi niya maalala kung kailan siya huling nawalan ng kontrol sa sarili, outside his dealings with his grandmother. "I-I'm sorry."

Napailing lang si Marianne at saka inalis ang kalungkutan na nasa mga mata nito bago nagsalita at lumapit sa pintuan para lumabas. "Look, hindi ako nagpunta rito sa Tagaytay para maging temporary fiancée mo kaya mabuti pa, maghanap ka na lang ng ibang babae na puwedeng magpanggap para sa 'yo. I can leave now or in the morning. It's your choice."

"Aalis ka ngayon? Paano mo gagawin 'yon, sira nga ang pick-up mo?"

Natigilan si Marianne and Anthony knew he was just given an advantage. Nagpasya siyang ilaro pa ang ilang mga baraha niya.

"Isa pa, kaya ba talaga ng konsyensya mo na pabayaan na lang na unti-unting mamatay ang isang matandang babae dahil hindi mo ako napagbigyan sa maliit na pabor na hinihingi ko sa 'yo pagkatapos kitang tulungan?"

Pinanlisikan ni Marianne ng tingin ang lalaki. "Blackmailer."

"Call it whatever you want," seryosong balik naman niya. "Kung magagawa nito na pahabain pa ang buhay ng lola ko, gagawin ko ang kahit na ano. Isa pa, it's only a temporary engagement. Surely, hindi naman magagalit masyado ang *boyfriend* mo sa maikling panahon na hihingin ko sa 'yo… kung talagang mahal ka niya."

Napasandal si Marianne sa pintuan at napasimangot. Malinaw na nakikita ni Anthony ang paglalaban ng takot nito sa pagsisinungaling at konsyensya sa kung ano ang maaaring mangyari kapag tumanggi ito. Nang makita siya nitong nakatingin ay tiningnan siya nito nang masama.

"I hate you," mariing sabi nito.

"Surely that can't last forever," pang-aasar pa niya.

"No, seriously, I hate you."

"You can hate me all you want as long as you stay here and pretend to be my fiancée. How about that?"

Nagkasalubong ang mga mata nila. Parang nagsasalita ang labanan ng fear at guilt ang napapanood niya sa mukha ni Marianne nang mga sandaling iyon. Sa huli, nanalo ang guilt.

"Fine." Napabuntong-hininga ito sabay bagsak ng mga balikat. "I'll stay. Pero hanggang sa matapos lang ang birthday party ng lola mo, maliwanag?"

Hindi maipaliwanag ni Anthony kung gaano katindi ang relief at anticipation na nararamdaman niya na parang nakagawa siya ng isang di-mapapantayang milagro pero pinilit niya iyong hindi ipakita. Hinubad niya ang kuwintas na nakapalibot sa leeg niya at inalis ang singsing na nagsisilbing pendant noon habang lumalapit sa dalaga.

"Ano na naman 'yan?" nagdududang tanong nito.

"Hubarin mo 'yang singsing sa daliri mo at palitan mo nito," utos niya.

Nanlaki ang mga mata ni Marianne at automatic na napahawak sa singsing nito na parang gusto

iyong protektahan. “Ayoko nga!”

Napasimangot si Anthony. It was obvious that she loved the bastard who gave it to her. Sayang. Kung siya lang sana ang may-ari ng katapatan na iyon…

No, hindi magiging mabuti para sa kanya na isipin kung ano ang mga puwedeng mangyari kung naiba ang sitwasyon. Ang kailangan niya lang isipin ay ang kapakanan ng abuela niya.

“Huwag kang mag-alala, sandali lang ’to. Kailangan nating palitan ’yang nasa ’yo dahil magdududa si Lola kapag hindi niya nakita na suot mo ang engagement ring ng mama ko.”

“She seemed content nang makita niya ang engagement ring ko kanina, ah!”

“But she’ll expect more.” Nangunot ang noo ni Anthony nang mahigpit pa rin ang hawak ni Marianne sa kamay nitong may suot ng singsing. “Kapag napahamak ang lola ko dahil sa maliit na detalye na ’to, hinding-hindi kita mapapatawad.”

Napakagat ng labi ang dalaga at nag-isip bago bumuntong-hininga at mabagal na inalis ang singsing sa daliri nito. Kaagad na kumilos si Anthony at kinuha ang kamay na iyon sabay suot sa engagement ring

na hawak. Hindi sila parehong makapaniwala nang magkasya iyon sa kamay ng babae as if it was made for her. Tapos ay kinuha niya ang engagement ring na hawak pa rin ni Marianne.

"Hoy! Ano sa tingin mo ang ginagawa mo? Ibalik mo sa 'kin 'yan!" galit na sabi ni Marianne habang tinatangkang agawin ang singsing sa kanya pero mas matangkad si Anthony at ginamit niya iyong bentahe.

Kalmado lang na ginawang pendant ni Anthony ang singsing ni Marianne sa kuwintas niya na dating kinalalagyan ng engagement ring ng mama niya at saka itinago iyon sa loob ng kanyang sweater bago sumagot. "Collateral 'to, para sigurado ako na hindi ka tatakbo at tutupad ka sa pinag-usapan natin."

"I already said I'd do it!"

"Better safe than sorry."

Nanlilisik ang mga mata ni Marianne at tahimik na nagpasalamat si Anthony na hindi talaga nakakamatay ang mga tingin. "Kapag may nangyari lang sa singsing na 'yan, hindi ka maliligtas ng lahat ng mga santo sa langit!"

Lihim na napangiwi si Anthony. "Huwag kang mag-alala, I'll protect it with my life. Kaya matulog

ka na at magpahinga. Bukas, we'll find out if you have any talent in acting."

Gitgit ang mga ngipin na tinalikuran siya ni Marianne at hindi napigilan ni Anthony na huminga nang malalim sa sobrang relief. Sa wakas, may solusyon na rin sa problema niya.